


# Edukasyon sa Pagpapakatao Ikalawang Markahan – Modyul 3: Mga Salik na Nakaaapekto sa Kilos at Pasiya



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasampung Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikalawang Markahan – Modyul 3: Mga Salik na Nakaaapekto sa Kilos at Pasiya  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyulna ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-arang iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Brenda S. Santos
<b>Editor:</b>	Annie Rose B. Cayasen
<b>Tagasuri:</b>	Erlinda C. Quinuan
<b>Tagaguhit:</b>	Julius G. Takimpay
<b>Tagalapat:</b>	Pepe M. Tabanao Jr.
<b>Tagapamahala:</b>	May B. Eclar, Benilda M. Daytaca, Carmel F. Meris, Rosita C. Agnasi, Edgar H. Madlaing, Rizalyn A. Guznian, Sonia D. Dupagan, Erlinda C. Quinuan, Vicenta C. Danigos

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera**

Office Address: Wangal, La Trinidad, Benguet

Telefax: (074)-422-4074

E-mail Address: car@deped.gov.

## Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 3:  
Mga Salik na Nakaaapekto sa Kilos  
at Pasiya

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Aralin

# 1

## *Mga Salik na Nakaaapekto sa Kilos at Pasiya*



### *Alamin*


Ang kalayaan ang nagbibigay sa tao ng kakayahang pumili ng mga gagawin nila sa buhay, mga pasiya, atat mga reaksiyon sa mga pangyayari sa paligid na may kaakibat na pananagutan. Marahil narinig mo na ng ilang beses na sinasabi ng ibang tao ang mga dahilan na ito: “tao lang ako normal lang na ako ay nagkakamali”, “alam kung mali ang ginagawa ko ngunit hindi ko sinasadya ang bawat kilos ko”, at “hindi ko nais na masakatan ang damdamin ng ibang tao”. Sa mga dahilan na ito, naisip mo ba na may kakayahan ba talaga ang tao na makita ang kahihinatnan ng kaniyang kilos at pasiya? Makakatulong ang modyul na ito upang masagot ang mga tanong na ito. Nakahanda ka na ba?

at mga reaksiyon sa mga pangyayari sa paligid na may kaakibat na pananagutan.

Sa modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kasanayang pampagkatuto:

1. Naipapaliwanag ang bawat salik na nakaaapekto sa panunugatan ng tao sa kahihinatnan ng kaniyang kilos at pasiya (MELC - 6.1).

Nakapagsusuri ng isang sitwasyong nakaaapekto sa pagkukusa sa kilos dahil sa kamangmangan, masidhing damdamin, takot, karahasan, gawi (MELC - 6.2).



## *Subukin*

PANUTO: Basahin at unawain ang bawat tanong. Tukuyin kung ang pahayag ay TAMA o ito ay MALI ayon sa paliwang ng mga salik na nakakaapekto sa kahihinatnan ng kilos at pasiya. Isulat ang iyong sagot pagkatapos ng bilang sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Si Anna ay laging maagang gumigising para mag-ehersisyo at gawin ang mga gawaing bahay. Ang paulit-ulit na pagsasagawa nito ni Anna ay maituturing na gawi.
- \_\_\_\_\_ 2. Nawalan ng trabaho ang tatay ni Brooke sa panahon ng pandemia. Dahil dito, nakaramdam siya ng takot na baka matigil ang kanyang pag-aaral. Ang takot ay nagdudulot ng pagkabagabag ng isip.
- \_\_\_\_\_ 3. May kakayahan ang bawat tao na makita ang mga kahihinatnan ng kanilang mga kilos at pasiya kung kaya't nag-iingat sila sa lahat ng kanilang ginagawa.
- \_\_\_\_\_ 4. Ayon sa Teorya ni David Kolb sa pamamagitan ng pagmamasid, ang isang tao ay nagkakaroon ng pagkakataon na matutunan ang isang kilos ito ay maaaring makataong sa kilos o masamang kilos.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang masidhing damdamin ng isang tao ay maaaring magdulot ng kilos na hindi sinasadya.
- \_\_\_\_\_ 6. Nakita mo ang isang pasahero sa jeep na "binu-bully" ang kanyang katabi ang pangyayaring ito ay isang halimbawa ng karahasan at hindi ito mabuting tularan.
- \_\_\_\_\_ 7. Dahil sa kawalan ng sapat na kaalaman , ang tao ay nakakagawa ng maling desisyon, ngunit maaari niya itong itama.
- \_\_\_\_\_ 8. Ayon sa Teorya ni Albert Bandura ang pagninilay ay likas sa bawat tao. Ang bawat tao ay may kakayahang sumailamin o magnilay sa kanilang kilos at mga pasiya sa buhay.
- \_\_\_\_\_ 9. May mga maling kilos at desisyon ang tao na hindi maaaring mabigyan ng solusyon.
- \_\_\_\_\_ 10. Mahalagang pag-isipang ng tao ang kanyang mga kilos at pasya upang maiwasan ang pagsisisi sa kahihinatnan.



## *Balikan*

Natutunan mo sa nakaraang modyul na ang makataong kilos ay ginagamitan ng isip at kalooban. Ang likas na kilos ng tao ay hindi maaaring ihambing sa kilos ng hayop dahil sa kawalan nito ng isip at kalooban. Ang pagtulog, pagkurap ng mata at pagtibok ng puso ay mga halimbawa ng kalikasan ng tao. Makatao ang kilos kapag ito ay isinasagawa nang may kaalaman, malaya at kusa.

Sa modyul na ito ay mabibigyang-linaw ang iyong kaalaman na may mga salik na nakakaapekto sa kilos at isip ng tao. Isaisip din na dahil sa kilos-loob ay may kapangyarihan ang tao na kumilos ng tama, ayon sa kanyang nais at katuwiran.



## *Tuklasin*

### GAWAIN 1: ANG MGA SALIK

#### PANUTO:

Basahin ang kuwento tungkol sa kilos at pagpapasiya ni Justin. Ibahagi ang iyong saloobin sa bawat tanong. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Lahat ng tao ay may takot. Ako si Justin may takot sa halos lahat ng bagay tulad ng pagtayo sa matataas na gusali, dumaan sa madilim na lugar, pagkamatay ng mga mahal sa buhay, nag-iisa, malalim na tubig at lahat ng mga reptilya. Alam kong tunog ako ng isang maliit na bata ngunit iyon ako. Ang pagkabigo ay marahil ang aking pinakamalaking. Palagi akong may takot na maaari kong biguin ang aking mga magulang at ng iba. Noong nagtapos ako sa senior high ay nais ng aking mga magulang na kumuha ako ng kursong nursing sa kolehiyo. Para sa akin ay hindi ko ito kaya at hindi ito ang aking hilig.

Ang masidhing damdamin ko noon ay nagdulot ng kaisipang hindi ako naiintindihn ng aking mga magulang. Sa kabila noon, nag enrol pa rin ako sa Information Technology dahil ito ang hilig ko. Gusto kong patunayan sa mga magulang ko noon na napunta ako sa tamang landas at gumawa ng tamang pagpili. Bukod dito palagi kong sinisikap na gawin ang aking makakaya upang maging perpekto sa lahat ng bagay at may mataas na grado. Ngunit dahil sa takot, hindi ako nasiyahan sa aking ginagawa.

Naging makasarili at mapagmataas ako. Ang nasa isipan ko lamang ay makatapos ng kurso at nang walang masabi ang aking mga magulang.

Subalit, dahil sa aking pagninilay sa aking mga ikinikilos, napagtanto kong kailangan kong makinig sa iba lalong lalo na sa aking mga magulang at baguhin ang aking mga negatibong damdamin gaya ng kamangmangan, masidhing damdamin at takot.

1. Sumulat ng isang salik na nakapekto sa kilos at pasiya ni Justin.

---

---

---

2. Naranasan mo na ba ang takot at ng masidhing damdamin na nagdulot ng maling kilos at pasya gaya ni Justin? Ipaliwanag ang iyong sagot.

---

---

---

3. Ano ang natutunan mo sa ginawang kilos at pasiya ni Justin?

---

---

---

Rubriks para sa pagbibigay ng puntos.

Pamantayan	Puntos	Katangian ng paliwanag
Napakahusay	5	Malinaw at maayos ang pagkakasulat ng ideya at daloy ng paliwanag. Nagpapakita ng maliwanag na kamalayan sa gawain.
Mahusay	4	Maayos ang pagkakasulat at daloy ng paliwanag. May sapat na kamalayan sa gawain.
Katamtamang husay	3	Katamtamang husay ang daloy ng paliwanag.





## *Suriin*

Marahil ay naragdagan na ang iyong kaalaman tungkol sa kilos at pasiya sa mga nakaraang aralin. Upang mas lalong mapayabong ito, alamin din natin ang mga salik na nakakaapekto sa paggawa ng kilos at pasya at pagsususri ng mga ito.

### I. MGA SALIK NA NAKAAAPEKTO SA PAGGAWA NG KILOS AT PASIYA:

1. **KAMANGMANGAN** ito ay nakaaapekto sa kahihinatnan ng kilos sapagkat ito ay tumutukoy sa kawalan ng kasalatan o kaalaman na dapat taglay ng isang tao. Mahalagang tandaan na may obligasyon ang bawat tao na alamin ang tama at mabuti, mali at masama. Nawawala ang dangal ng konsensiya kapag ipinagwalang-bahala ang tao ang katotohanan at kabutihan.

Dalawang uri ng Kamangmangan:

a. **madaraig (vincible)** – ito ay ang kawalan ng kaalaman sa isang gawain subalit may pagkakataong itama o magkaroon ng tamang kaalaman at paraan upang malagpasan at matuklasan ito.

Halimbawa: Bumagsak si Anna sa isang asignatura para sa unang markahan na pagsusulit, dahil sa pagiging kampante niya na madali lang ang pagsusulit. Sa pangyayaring ito ay natuto si Anna na repasuhin ang mga aralin upang makabawi sa susunod na pagsusulit.

b. **hindi madaraig (invincible)** – to ay maaaring kamangmangan dahil sa kawalan ng kaalaman na mayroon siyang hindi alam na dapat niyang malaman o kaya naman ay walang posibleng paraan upang malaman ang isang bagay sa sariling kakayahan o sa kakayahan man ng iba.

Halimbawa: Humingi ng pera si Jared sa kaniyang nanay dahil kailangan niya na bumili ng file case para sa lalagyan ng kaniyang modyul. Ang kaniyang ate na si Jamayca ay nagboluntaryo na bibili at ibibigay niya sa kaniyang guro, kaya ibinigay ni Jared ang pera sa kaniyang ate. Nasalobong ni Jamayca ang kaniyang mga kaibigan at nagamit niya ang pera pambili ng pagkain. Isang araw ay tumawag ang Guro ni Jared sa kaniyang nanay at sinasabing wala pang file case na naibigay sa kaniya. Labis ang gulat ni Jared at ang kaniyang nanay sa ginawa ng kaniyang ate.

2. MASIDHING DAMDAMIN – Tumutukoy ito sa masidhing pag-asam o paghangad na makaranas ng kaligayahan at pag-iwas sa mga bagay na nagdudulot ng sakit o hirap. Ang masidhing damdamin ay likas na sa tao kaya may pananagutan ang tao na pangasiwaan ang kaniyang emosyon dahil kung hindi, ang emosyon ang magkokontrol sa tao. Ang masidhing damdamin ay maaari sobrang kasiyahan, kalungkutan at paninibugho.

Dalawang uri ng ng Damdamin:

- a. nauuna (antecedent) – nadarama o napupukaw kahit hindi sinadya.
- b. nahuhuli (consequent) – damdaming sinadyang inalaagan kaya ang kilos ay sinadya at may pagkukusa.

Halimbawa: Sobrang nagalak ang pangkat ni Rod sa pagkapasa nila ng naatasang gawain. Dahil dito, ay nayakap niya ang katabing babae na ikinagulat ng babae. Ang dalawang uri ng damdamin ay inilalarawan dito;; ang nauunang kilos (antecedent) at nahuhuling kilos (consequent). Dahil sa labis na kagalakan ay nakapagpakita si Rod ng damdamin at kilos na hindi niya naisip ang maging kahihinatnan nag kaniyang kilos. Ano kaya ang magiging huling kilos (consequent) niya? Ito ay maaaring humingi siya nga tawad sa babae at magpaliwanag na hindi niya ito sinasadya.

3. TAKOT - ito ay pagkabagabag ng isip ng tao na humaharap sa anumang uri ng pagbabanta sa kaniyang buhay o mga mahal sa buhay.

Halimbawa: Ang mga nakaranas ng pambubulas (bullying), panliligalig (harassment) at pananakot (threat). Bakit nakakaramdam ang isang tao ng takot? Ang reaksiyon ng takot ay nagsisimula sa utak at kumakalat sa katawan upang gumawa ng pagsasaayos para sa pinakamahusay na pagtatanggol o reaksiyon. Ang takot ay nagsisimula sa isang rehiyon ng utak na tinatawag na Amygdala. Ang hanay na ito na hugis ng almendras (almond shape) sa temporal na umbok ng utak (temporal lobe). Ang amygdala ay aktibo tuwing nakikita mo ang mga kinakatakutan mo, maaaring tao, bagay, pangyayari at hayop.

4. KARAHASAN – Pagkakaroon ng panlabas na puwersa upang pilitin ang isang tao na gawin ang isang bagay na labag sa kaniyang kilos-loob at pagkukusa. Ito ay maaaring gawin ng isang taong may mataas na impluwensiya. Ang iba't ibang anyo ng karahasan ay kinikilala bilang mga isyu sa karapatang pantao, kabilang ang mga pagpapahirap, karahasan laban sa kababaihan, at karahasan laban sa mga bata.

Halimbawa: Masidhing damdamin ang naransan ni Anna nang makita niya ang laging nambubulas sa kanya. Dahil dito hindi niya mapigilang makapagbitiw ng masasakit na pananalita. Tama ba ang ginawa ni Ana? hindi ito tama, dahil may tamang proseso sa isyu ng pambubulas at ito ay ang ipagbigay alam sa magulang, sa guro at sa *Guidance Counselor*. Hindi malulutas ang problema sa pamamagitan ng karahasan dahil lilikha ito ng isa pang karahasan, laging isipin na may mga alternatibong pagtugon sa bawat sitwasyon.

5. GAWI – Ang mga gawain na paulit-ulit na isinasagawa at naging bahagi na ng sistema ng buhay sa araw-araw ay tinuturing na gawi (habits). Maraming gawa o kilos ang tinatanggap na ng lipunan dahil ang mga ito bahagi na ng pang-araw araw na gawain ng tao. Bilang bahagi ng sistema, may posibilidad na ituring ang mga ito na katanggap-tanggap na kilos na noong una ay hindi naman.


Halimbawa: Sa mga mag-aaral naging bahagi ng gawa o kilos ang pangongopya sa katabi, pang-hihiram ng mga gamit, pakiki-alam sa mga gamit ng iba, nahihirapang gumising ng maaga kung susuriin ang kilos na ito ay hindi kanais-nais, kahit kailan hindi katanggap tangap ang mga gawi na ito. Ang ilan pa ay ang panunumbat sa mga magulang, hindi paggalang at pagsunod ng alituntunin sa bahay o sa paaralan. Nangyayari ang mga ito pero hindi maituturing na magandang halimbawa.

Mayroon din naman ang maagang paggising at pagtulong sa magulang sa gawaing bahay, pagbabasa at patuloy na nakatuon sa mga prayoridad.

## II. PAGSUSURI SA KILOS AT PASIYA

Kailangang matutunan ng tao na suriin ang kilos at pasya upang maiwasan ang mga salik gaya ng kamangmangan, takot, karahasan, masidhing damdamin at gawi. Ang pagsuri ay ang pagmamasid, pakikinig sa iba at pagkilala sa sariling hangganan ng iyong damdamin. Kailangan ang patuloy na pagmuni-muni sa sarili tungkol sa sariling mga paniniwala, pamantayan at pag-uugali.

Ayon sa Teorya ni Albert Bandura na Social Learning Theory maaaring matutunan ang isang “kilos”, maaaring mabuti o hindi makataong kilos, sa pamamagitan ng pagmamasid sa ibang tao. Sa pamamagitan ng pagmamasid ay nagkakaroon ng pagkakataon na matutunan ang isang kilos at ito ay maaaring mabuti at hindi mabuti. Ayon din sa Teorya ni David Kolb na Experiential Learning, ang isang tao ay natututo sa pamamagitan ng “pagninilay”. May kakayahan ang bawat tao na magnilay sa kaniyang karanasan at dahil sa pagninilay ay nakakabuo ang isang tao ng tinatawag na “insight” o ito iyong mga natutunan mo dahil sa pagninilay mo sa karanasan mo at karanasan ng iba (Ayson et al, 2019).



## *Pagyamanin*

### GAWAIN 2: PAGBUO NG IDEYA NG PANGUNGUSAP

PANUTO: Basahin at kumpletuhin ang pangungusap upang mabuo ang paliwanag ng mga salik na nakaaapekto sa pananagutan ng kilos. Maging matapat sa mga isusulat. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Nakakaramdam ako ng masidhing damdamin kapag

---

---

---

2. Ang babaguhin ko sa aking mga gawi ay

---

---

---

3. Napapansin ko sa aking sarili na madali akong

---

---

---

4. Ang nagawa ko na kamangmangang madaraig ay

---

---

---

5. Ang makataong kilos para sa akin ay

---

---

---

### GAWAIN 3: PAGESUSURI

PANUTO: Basahin ang sitwasyon at sagutin ang mga tanong sa iyong sagutang papel

Nakita ni Chad ang pambubulas sa kaniyang kapatid ng kanilang kapit bahay. Nakaramdam si Chad ng galit at may nasabi siya na hindi kaaya-aya.

1. Ano ang mga salik na napansin mo na naipakita sa sitwasyon?

---

---

2. Paano mo itatama ang mga kilos sa sitwasyon?

---

---

3. Kung ikaw si Chad ano ang hakbang na gagawin mo? Magbigay ng dalawang hakbang.

---

---

### GAWAIN 4: ANG AKING KARANASAN


PANUTO: Punuan ang tsart ng mga hinihingi sa Hanay B, C at D.

Mga Salik na Nakaaapekto sa kilos o pasiya	Pangyayaring naganap patungkol sa salik	Ginawang pasiya tungkol sa pangyayaring naganap	Kung bibigyan ka nga pagkakataon muli na magpasiya, ano ang magiging pasiya mo ngayon
Hanay A	Hanay B	Hanay C	Hanay D
Halimbawa: Kamangmangan	Hindi pagrepaso ng aralin dahil hindi naintindihan	Lingid na pangongopya sa sagot ng kamag-aral	Nagpaturo sa kaklase sa panahon ng bakanteng oras o kaya ay

			nagpasabi sa guro na muling ipaliwanag ang aralin at magbigay pa ng halimbawa
1. Kamangmangan			
2. Masidhing damdamin			
3. Takot			
4. Karahasan			
5. Gawi			

Rubriks sa pagbibigay ng puntos sa gawain 3 at 4.

Pamantayan	Puntos	Katangian ng paliwanag
Napakahusay	5	Malinaw at maayos ang pagkakasulat ng ideya at daloy ng paliwanag. Nagpapakita ng maliwanag na kamalayan sa gawain. Nakapagbibigay ng tiyak na hakbang upang maiwasan o maayos ang mga kilos o pasiya.
Mahusay	4	Maayos ang pagkakasulat at daloy ng paliwanag. May sapat na kamalayan sa gawain. Nakapagbigay ng sapat na hakbang upang maiwasan o maayos ang mga kilos o pasiya.
Katamtamang husay	3	Katamtamang husay ang daloy ng paliwanag at hindi akma ang naibigay na hakbang upang maiwasan o maayos ang mga kilos o pasiya.



## Isaisip

### GAWAIN 5: CLOZE TEST


PANUTO: Hanapin sa kahon ang tamang salita at isulat ito sa iyong sagutang papel.

AMYGDALA, KARAHASAN, TAKOT, GAWI, MASIDHING DAMDAMIN,  
KAMANGMANGAN, ANTECEDENT, CONSEQUENT

Ang 1, \_\_\_\_\_ ay tumutukoy sa panlabas na puwersa. samantalang ang (2.) \_\_\_\_\_ ay tumutukoy ito sa masidhing pag-asam o paghangad na makaranas ng kaligayahan at pag-iwas sa mga bagay na nagdudulot ng sakit o hirap. May mga gawain din na paulit-ulit na isinasagawa at nagiging bahagi na sa sistema ng buhay sa araw-araw ang tawag dito ay mga (3.) \_\_\_\_\_.

Nakakaramdam ang isang tao ng (4). \_\_\_\_\_ dahil sa anumang uri ng pagbabanta sa kaniyang buhay o mga mahal sa buhay. Ito ay nagsisimula sa isang rehiyon ng utak na tinatawag na

(5). \_\_\_\_\_, Ito ay aktibo tuwing nakikita ng isang tao ang mga kinatatakutan niya.



## *Isagawa*

### GAWAIN 6: SITWASYON

PANUTO: Basahin at suriin ang kuwento ni Brooke tungkol sa salik na nakakaapekto sa paggawa ng kilos at pagpapasiya niya sa kukunin niyang Track sa Senior High. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Grade 10 na ngayon si Brooke at nais niyang kumuha ng Track na Arts and Design sa Senior High sa isang pribadong paaralan. Mahilig siya sa digital arts at photography. May kakayahan naman ang pamilya niya na suportahan ito. Kaya lang dahil sa Coronavirus ay nawalan ng trabaho ang kaniyang tatay at ang kaniyang ate naman ay naging part time na lamang sa trabaho.

Nakakaramdam si Brooke ng takot dahil baka tuluyang hindi niya maaabot ang kaniyang pangarap. Dahil sa pagkabalisa nasabi ni Brooke sa kaniyang ate na ang pangalawa niyang plano ay kukuha nalang siya ng STEM dahil akma ito sa kukunin niya na kurso sa kolehiya na Architecture. Nagulat ang ate niya sa madaliang desisyon ng kaniyang kapatid at nasabi niya na magnilay siya at mag-isip ng iba pang alternatibo dahil maaaring hindi pasok sa budget nila ang nasa isipan niya.

1. Ano ang mga salik na napinsin mo sa kuwento ni Brooke?

---

---

---

2. Kung ikaw ang nasa kalagayan ni Brooke ano ang unang damdamin (antecedent) na mararamdaman mo at kilos na gagawin mo?

---

---

---



3. Ano kaya ang pang huling damdamin (consequent) o alternatibong paraan na maaaring gawin ni Brooke? Magbigay ng dalawang alternatibo.

---




---



---

Rubriks para sa pagbibigay ng puntos.

Puntos	Pamantayan	Katangian ng paliwanag
5	Napakahusay	Malinaw at maayos ang pagkakasulat ng ideya at daloy ng paliwanag. Nagpapakita ng maliwanag na kamalayan sa gawain.
4	Mahusay	Maayos ang pagkakasulat at daloy ng paliwanag. May sapat na kamalayan sa gawain.
3	Katamtamang husay	Katamtamang husay ang daloy ng paliwanag




## Tayahin

### GAWAIN 7: TAYAHIN ANG AKING PANG-UNAWA

PANUTO: Basahin at unawain ang bawat tanong. Tukuyin kung ang pahayag ay TAMA o ito ay MALI ayon sa paliwang ng mga salik na nakakaapekto sa kahihinatnan ng kilos at pasiya. Isulat ang iyong sagot pagkatapos ng bilang sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Si Anna ay laging maagang gumigising para mag-ehersisyo at gawin ang mga gawaing bahay. Ang paulit-ulit na pagsasagawa nito ni Anna ay maituturing na gawi.
- \_\_\_\_\_ 2. Nawalan ng trabaho and tatay ni Brooke dahil sa CoViD-19 Pandemic kaya nakaramdam siya ng takot na baka titigil na siya sa pag-aaral. Ang takot ay nagdudulot upang magkaroon ng pagkabagabag ng isip.
- \_\_\_\_\_ 3. May kakayahan ang bawat tao na makita ang mga kahihinatnan ng kanilang mga kilos at pasiya kung kaya't nag-iingat sila sa lahat ng kanilang ginagawa.

- \_\_\_\_\_ 4. Ayon sa Teorya ni David Kolb sa pamamagitan ng pagmamasid, ang isang tao ay nagkakaroon ng pagkakataon na matutunan ang isang kilos ito ay maaaring makataong sa kilos o masamang kilos.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang masidhing damdamin ng isang tao ay maaaring magdulot ng kilos na hindi sinasadya.
- \_\_\_\_\_ 6. Kapag may isang pasahero sa jeep na "binu-bully" ang kanyang katabi, ang pangyayaring ito ay tama.
- \_\_\_\_\_ 7. Dahil sa kawalan ng sapat na kaalaman, ang tao ay nakakagawa ng maling desisyon, ngunit maaari niya itong itama.
- \_\_\_\_\_ 8. Ayon sa Teorya ni Albert Bandura ang pagninilay ay likas sa bawat tao. Ang bawat tao ay may kakayahang sumailamin o magnilay sa kanilang kilos at mga pasiya sa buhay.
- \_\_\_\_\_ 9. May mga maling kilos at desisyon ang tao na maaaring mabigyan ng solusyon.
- \_\_\_\_\_ 10. Mahalagang pag-isipang ng tao ang kanyang mga kilos at pasya upang maiwasan ang pagsisisi sa kahihinantnan.



## *Karagdagang Gawain*

### GAWAIN 8: ANG AKING NATUTUNAN

PANUTO: Isulat ang iyong natutunan sa modyul na ito. Bumuo ng isang slogan na binubuo ng sampu (10) hanggang labinlimang (15) salita gamit ang temang “Mga salik na nakakaapekto sa kilos at pasiya”. Gawin ito sa sagutang papel.

Pamantayan sa Pagmamarka ng Slogan		
Partikular	Deskripsiyon	Puntos
Nilalaman	Mabisang naipakita ang mensahe	5
Pagkamalikhain	Maganda at malinaw ang pagkakasulat ng mga titik	5
Kalinisan	Malinis ang pagkakabuo	5

**TAYAHIN**


1. TAMA
2. TAMA
3. TAMA
4. TAMA
5. TAMA
6. TAMA
7. TAMA
8. TAMA
9. MALI
10. TAMA

**ISAISIP**

1. KARAHASAN
2. MASIDHING DAMDAMIN
3. GAWI
4. TAKOT
5. AMYGDALA

**SUBUKIN**

1. TAMA
2. TAMA
3. TAMA
4. TAMA
5. TAMA
6. MALI
7. TAMA
8. TAMA
9. TAMA
10. TAMA



## *Mga Sanggunian*

### Aklat

Ayson, Marcelina et al. *General Psychology*. Revised Edition. Trinitas Complex, Pantoc Road: Trinitas Publishing Inc., 2009.

Brizuella, Mary Jean et al. *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul Para sa Mag-aaral*. Unang Edisyon 2015. DepEd-IMCS.

Punsalan, Twila et al. *Pagpapakatao*. Sta. Mesa Heights, Quezon City: Rex Printing Company.

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)